CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Setyembre 1, 2020

Pakikipag-ugnay: Gwendolyn Robinson Manning, Tagapangasiwa ng Programa ng Kalusugan ng Itim na Sanggol, Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Long Beach, 562.570.4417, Gwendolyn.Manning@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Ang Lungsod ng Long Beach Tumatanggap ng $1 Milyong Gawad para sa Pag-unlad ng Isang Programa sa Pampublikong Kampanya ng Kamalayan para sa Kalusugan ng Itim na Sanggol

Long Beach, CA - Ginawaran ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ng Long Beach ng $1,000,000 na gawad mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDHP, inisyal sa Ingles) sa loob ng dalawang taon para sa koordinasyon, pagpapaunlad at pagpapatupad ng isang pampublikong kamalayan sa kampanya na nakasentro sa Programa sa Kalusugan ng Itim na Sanggol(BIH, inisyal sa Ingles).

“Nagpapasalamat kami na makatanggap ng gawad na ito upang suportahan ang mga sanggol na babae at mga Itim,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpopondo na ito ay makakatulong na madagdagan ang kamalayan sa kalusugan ng ina at sanggol sa mga Itim na komunidad at sa huli ay makasagip ng mga buhay.”

Ang mga itim na sanggol sa Amerika ay namamatay sa kanilang unang taon ng buhay ng may higit sa dalawang beses ng rate ng mga sanggol mula sa ibang mga populasyon dahil sila ay pinapanganak ng masyadong maaga at masyadong maliit. Gayundin, mas maraming mga Itim na kababaihan ang namamatay sa panahon ng pagbubuntis at panganganak kaysa sa anumang ibang pangkat etniko. Ang katibayan ay nagpapahiwatig na ang mga negatibong kinalabasan ng kapanganakan ng mga Itim na kababaihan ay maaaring maiugnay sa talamak na stress na nauugnay sa mga kadahilanan sa lipunan kabilang ang diskriminasyon sa lahi.

Itinatag noong 1989, sinusuportahan ng Programa ng Long Beach BIH ang 150 mga buntis at postpartum na kababaihan taun-taon sa pamamagitan ng paglulunsad ng kahalagahan ng pagbawas ng stress, pagmamahal sa sarili, pag-aalaga sa sarili, malusog na pagkain, pagbuo ng kumpyansa at pagdagdag ng mga koneksyon sa lipunan. Ang Programa ng Long Beach BIH ay isa sa 17 BIH na mga programa sa buong estado.

“Mahalagang malaman ng mga Itim na mga ina sa ating lungsod at rehiyon ang tungkol sa Programa ng BIH upang suportahan sila sa kanilang malusog na pagbubuntis at malusog na panganganak,” sabi ng Direktor ng Kalusugan at Serbisyong Pantao na si Kelly Colopy. “Kami ay nasasabik na bumuo ng isang pampublikong kampanya ng kamalayan upang madagdagan ang kaalaman at lawak ng importanteng programa na ito.”

Ang pagpopondo para sa kampanya ay gagamitin upang:

- Taasan ang kamalayan sa hingi pagkakapantay-pantay ng kalusugan ng mga sanggol at ina sa mga Itim na populasyon
- Taasan ang pag-enrol ng mga Itim na kababaihan na buntis at mga ina hanggang sa anim na buwan na postpartum sa Programa ng BIH.
- Ilunsad ang isang app para sa mga buntis upang magbigay ng impormasyon na pinasadya sa kultura para sa mga Itim na kababaihan sa buong California.

Ang Programa ng Long Beach BIH ay makikipagtulungan kasama ang Northern California na tagapagbigay, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Alameda County, upang bumuo ng isang pambansang kampanya ng kamalayan na nakatuon sa mga hindi pagkakapantay-pantay ng pagiging ina at pagsilang ng mga sanggol sa California. Ang kampanya ay sasamahan ng app na magbibigay ng edukasyon sa pagbubuntis, mga kalendaryong pagbubuntis, meditasyon at mga diskarte sa pagbabawas ng stress, pati na rin ang mga impormasyon sa pagpapasuso na partikular na naaayon sa mga Itim na kababaihan. Ang kampanya ay papalawakin sa lahat ng 17 na mga programa ng BIH, kabilang ang limang Timog California na mga county: Kern, Los Angeles, Riverside, San Bernardino at San Diego.

Tungkol sa Kagawaran ng Kalusugan ang Serbisyong Pantao
Ang misyon ng Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ay ang pagpapabuti ng kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pagtataguyod ng isang ligtas ang malusog na

komunidad kung saan maaaring mabuhay, magtrabaho, at maglaro. Ang Kalusugan ng Long Beach ay isa sa tatlong kagawaran ng kalusugan na pinatatakbo ng lungsod sa California, na nagbibigay-daan para sa mas mahusay na pakikipag-ugnayan sa mga residente, kapitbahayan, mga kasosyo ng negosyo at komunidad, at nagpapalakas ng mahusay na pangunawa ng mga kalakasan ng Lungsod. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin kami sa longbeach.gov/health, i-like kami sa Facebook at sundan kami sa Twitter at Instagram.

Tungkol sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH, Inisyal sa Ingles)

Nagtatrabaho ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH, inisyal sa Ingles) upang protektahan ang kalusugan ng publiko sa Golden State at tumutulong sa paghubog ng positibong kinakalabasan sa kalusugan para sa mga indibidwal, pamilya, at pamayanan. Ang mga programa at serbisyo ng Kagawaran, na ipinatupad sa pakikipagtulungan sa mga lokal na kagawaran ng kalusugan at estado, pederal at mga pribadong kasosyo, ay nakakaapekto sa buhay ng bawat taga-California at bisita sa estado 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga propesyonal sa kalusugan ng publiko ng CDPH, mga mananaliksik, syentipiko, doktor, nars, at iba pang mga miyembro ng kawani ay may isang nakabahaging pananaw upang maprotektaktahan at mapabuti ang kalusugan ng lahat ng mga taga-California. Ang mahahalagang tungkulin ng Kagawaran ay kritikal sa kalusugan at kagalingan ng mga tao at komunidad. Ang mga pangunahing responsibilidad ng CDPH ay komprehensibo sa saklaw at kinabibilangan ng pagkontrol at pag-iwas ng mga nakakahawang sakit, kaligtasan sa pagkain, kalusugan sa kapaligiran, mga serbisyo sa laboratoryo, kaligtasan ng pasyente, paghahanda sa emerhensiya, pag-iwas sa malalang sakit at pagsulong sa kalusugan, kalusugan ng pamilya, pagkakapantay-pantay sa kalusugan at mahahalagang tala at istatistika. Para sa mga pinakabagong mapagkukunan at impormasyon, bumisita sa www.cdph.ca.gov.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of

Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Libangan at Marina, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang napapanahong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

###